

Exhibit A

**DISTRITO NG WESTERN MUNICIPAL WATER
PATAKARAN SA PAGTIGIL NG RESIDENSYAL
NA SERBISYO NG TUBIG DAHIL SA HINDI
PAGBABAYAD**

1. **Aplikasyon ng Patakarang.** Ang Patakarang sa Pagtigil ng Residensyal na Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad (ang Patakarang na ito) ay ilalapat sa lahat ng mga account ng Distrito ng Western Municipal Water (Distrito) para sa mga residensyal na serbisyo ng tubig, ngunit hindi ilalapat sa mga account na serbisyonang hindi residensyal. Sa lawak na ang Patakarang ito ay salungat sa anumang probisyon ng alintutunin ng Distrito o iba pang mga panuntunan, regulasyon, o patakarang ng Distrito, ang Patakarang ito ang mangingibabaw.

2. **Impormasyon sa Pakikipag-ugnay.** Sa mga katanungan o tulong tungkol sa bill ng tubig, ang Customer Service staff ng Distrito ay maaaring tawagan sa (951) 571-7104. Maaari ding personal na bisitahin ng mga kustomer ang Customer Service desk ng Distrito sa Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., maliban na lang sa pista opisyal ng Distrito.

3. **Pamamaraan sa Billing.** Ang mga singil sa serbisyo ng tubig ay kailangang bayaran sa Distrito isang beses bawat isang buwan. Lahat ng bills para sa serbisyo ng tubig ay nakatakda at dapat bayaran pagkatanggap nito at ituturing na delingkuwente pag hindi nabayaran sa loob ng sampung (10) araw mula sa petsa ng bill.

4. **Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad.** Kung ang bill ay delingkuwente ng hindi kukulangin sa animnapung (60) araw, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa service address.

4.1 Nakasulat na Paunawa sa Kustomer. Magpapadala ang Distrito ng nakasulat na paunawa sa kustomer na nakatala sa panahon na hindi kukulangin sa labinglimang (15) araw bago putulin ang serbisyo ng tubig. Ang paunawa ay maglalaman ng:

- (a) Pangalan at address ng kustomer;
- (b) Ang halaga ng delingkuwensya;
- (c) Ang petsa kung kailan dapat bayaran o nagawa ang kasunduan sa pagbabayad para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo; at
- (d) Paglalarawan ng pamamaraan kung paano makakahingi ang kustomer ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad ayon sa nakahayag sa Seksyon 6 sa ibaba ng dokumentong ito.

4.2 Nakasulat na Paunawa sa mga Occupant o Tenant.

- (a) Kung ang Distrito ay nagbibigay ng indibidwal na metro sa bawat isang single family dwelling, multi-unit residential structure, mobile home park, o farm labor camp, at ang may-ari ng property o manager ay ang kustomer na nakatala, o kung ang address ng kustomer na nakatala ay hindi kapareho ng service address, magpapadala din ang Distrito ng paunawa sa mga occupant na nakatira sa service address sa panahon na hindi kukulangin sa labinlimang (15) araw bago putulin ang serbisyo ng tubig. Ang paunawa ay naka-address sa "Occupant," maglalaman ng mga impormasyon na nasa Seksyon 4.1 sa itaas ng dokumentong ito at magpapaalam din sa mga residensyal na occupant na mayroon silang karapatan na maging kustomer ng Distrito na hindi kinakailangang magbayad ng singil sa mga delingkuwenteng account. Ang mga termino at kondisyon para maging kustomer ang mga occupant ay nakahayag sa Seksyon 8 sa ibaba.
- (b) Kung ang Distrito ay may isang master meter na nagsisilbi sa mga residensyal na tirahan, magsisikap ang Distrito na, sa panahon na hindi kukulangin sa labinlimang (15) araw bago putulin ang serbisyo, na bigyan ng paunawa ang mga residensyal na nakatira na ang account ay delingkuwente at ang serbisyo ay puputulin sa petsang nakalagay sa paunawa. Magbibigay ng paunawa ang Distrito sa alinman sa : (i) paunawa sa pamamagitan ng koreo sa bawat isang residensyal na yunit; (ii) pag-paskil ng paunawa sa pinto ng bawat isang residensyal na tirahan yunit, (iii) kung ang pagbigay ng paunawa ay hindi praktikal o hindi maaaring dalin, magpa-paskil ng dalawang (2) kopya ng paunawa sa mararating na common area at bawat isang daanan sa gusali o mga gusali; o (iv) paggawa ng iba pang mabuting hangarin at makatwirang pagsisikap na magbigay ng paunawa sa mga occupants. Ang paunawa na naka-address sa "Occupant," ay maglalaman ng impormasyon na nakahayag sa Seksyon 4.1 sa itaas, at ipapaalam sa mga residensyal na occupant na mayroon silang karapatan na maging kustomer ng Distrito na hindi kakailanganing magbayad ng mga singil sa delingkuwenteng account. Ang mga termino at kondisyon sa mga occupant para maging kustomer ng Distrito ay nakahayag sa Seksyon 8 sa ibaba.

4.3 Personal na Paunawa o sa Pamamagitan ng Telepono. Ang Distrito ay gagawa ng makatwirang at mabuting pagsisikap na makipag-ugnay ng personal o sa telepono sa kustomer na nakatala o sa isang adultong taong nakatira sa address ng serbisyo sa panahong hindi kukulangin sa apitong (7) araw bago putulin ang serbisyo. Mag-aalok ang Distrito na magbigay ng nakasulat na kopya ng Patakarang ito at pag-usapan ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol sa serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, pati na rin ang posibilidad na gumawa ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad ayon sa nakalarawan sa Seksyon 6 sa ibaba.

4.4 Pag-paskil ng Paunawa sa Address ng Serbisyo. Pag ang Distrito ay nabigong makipag-ugnay ng personal o sa telepono sa kustomer o sa isang adultong tao

na nakatira sa address ng serbisyo, ang Distrito ay makatwiran at mahusay na magsusumikap na mag-iwan ng paunawa sa napipintong pagputol ng residensyal na serbisyo at isang kopya ng Patakarang ito sa kapansing-pansing lugar sa address ng serbisyo. Ang paunawa at kopya ng Patakarang ito ay iiwanan sa tirahan sa panahon na hindi kukulanging sa apatnapu't walong (48) oras bago putulin ang serbisyo. Nakalagay sa paunawa ang:

- (a) pangalan at address ng kustomer;
- (b) ang halaga ng delingkuwensya;
- (c) ang petsa kung kailan dapat bayaran o magawa ang kasunduan sa pagbabayad para maiwasan ang pagputol sa serbisyo;
- (d) paglalarawan ng mga paraan kung paano maaaring humiling ang kustomer ng alternatibong kasunduan sa pagbababayad, na maaaring magbigay ng ekstensyon, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad na nakahayag sa Seksyon 6 sa ibaba.

4.5 Multa at Singil dahil sa Huling Pagbabayad. Ang mga multa at singil, na itinukoy sa District's Fee and Rate Manual, ay ipapataw at idadagdag sa mga balanseng hindi pa bayad sa account ng kustomer pag ang sinisingil sa naturang account ay hindi nabayaran bago sa nakatakdang petsa ng pagbabayad.

4.6 Deadline sa Pagtigil ng Serbisyo. Ang bayad sa serbisyo ng tubig ay dapat matanggap sa opisina ng Distrito ng hindi lalampas sa 5:00 p.m. sa petsa na nakalagay sa paunawa ng pagtigil ng serbisyo. Ang postmarks ay hindi maaaring tanggapin.

4.7 Mga Kondisyon Kung Saan Hindi Maaaring Putulin ang Serbisyo. Hindi puputulin ng Distrito ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

- (a) Habang ini-imbestigahan ng Distrito ang dispute o karaingan ng kustomer sa ilalim ng Seksyon 5 sa ibaba;
- (b) Habang may apela na nakabinbin sa Board of Directors ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 5 sa ibaba; o
- (c) Sa panahon kung kailan ang bayad ng kustomer ay saklaw ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad na inaprubahan ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 6 sa ibaba, at ang kustomer ay nananatiling tumugon sa na-aprubahang kasunduaan sa pagbabayad.

4.8 Mga Espesyal na Pang-medikal at Pang-pinansyal na Kalagayan Kung saan ang Serbisyo ay Hindi Maaaring Putulin.

- (a) Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig kung ang lahat ng mga kondisyon ay natugon:
 - (i) Ang kustomer, o ang tenant ng kustomer, ay nag-sumite sa Distrito ng sertipikasyon ng lisensyadong primary care

provider na ang pagputol sa serbisyo ng tubig ay magdudulot ng lubhang panganib sa buhay, kalusugan at kaligtasan ng nakatira sa lugar na sinisilbihan ng residensyal na serbisyo ng tubig;

- (i) Ipinakita ng kustomer na siya ay walang pinansyal na kakayahang magbayad ng residensyal na serbisyo ng tubig sa panahon ng normal na billing cycle ng Distrito ayon sa mga kwalipikasyon sa Seksyon 7.2 sa ibaba; at
 - (ii) Ang kustomer ay sumang-ayon na lumahok sa isang alternatibong kasunduan sa pagbabayad batay sa nakalarawan sa Seksyon 6 sa ibaba, ukol sa mga delinkuwenteng singil. Ang General Manager o kinatawan ng Distrito ay pipili ng pinaka-angkop na kasunduaan sa pagbabayad, na isasaalang-alang ang impormasyon at dokumento na ibinigay ng kustomer.
- (b) May responsibilidad ang kustomer na patunayan na ang mga kondisyon sa subsection (a) ay kanyang natugon. Pagkatanggap ng dokumentong galing sa kustomer, na kinakailangang ibigay sa Distrito ng hindi kukulangin sa apatnapu't walong (48) oras bago sa petsa ng pagputol ng serbisyo, susuriin ng Distrito ang document sa loob ng pitong (7) araw at: (1) hindi puputulin ang serbisyo ng tubig sa panahon ng pagsusuri; (2) ipapaalam sa kustomer ang alternatibong kasunduaan sa pagbabayad na pinili ng Distrito at ipapaalam sa kustomer na kailangan niyang pirmahan ang kasunduan na lumahok sa alternatibong kasunduan; (3) maaaring humingi ng karagdagang impormasyon sa kustomer; o (4) ipaalam sa kustomer na hindi niya natugon ang mga kondisyon sa subsection (a). Ang Distrito, batay lamang sa kanyang diskresyon, at kung kinakailangan, ay may kaparatang pahabain ang panahon ng pag-sumite ng kustomer ng dokumento.
- (c) Maaaring ipatigil ng Distrito ang serbisyo ng tubig kung ang kustomer ng binigyan ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad sa ilalim ng skesyon na ito ay nabigong gawin ang anuman sa mga sumusunod sa haba ng animnapung (60) araw o mahigit pa: (a) tbayaran ang halagang hindi pa bayad alinsunod sa alternatibong kasunduan sa pagbabayad; o (b) bayaran ang singil sa mga kasunod na bill sa serbisyo ng tubig. Ang Distrito ay magpa-paskil ng panghuling paunawa ng layunin na itigil ang serbisyo sa isang lugar na kapansin-pansin at madaling Makita sa address ng serbisyong hindi kukulangin sa limang (5) araw ng trabaho bago putulin ang serbisyo. Ang panghuling paunawa ay hindi magbibigay ng karapatan sa kustomer na humingi ng impbestigasyon o pagsusuri ng Distrito.

4.9 Oras ng Pagtigil ng Serbisyo. Hindi ititigil ng Distrito ang serbisyo ng tubig

dahil sa hindi pagbabayad sa Sabado, Lunggo, pista opisyal, o sa oras na ang opisina ng Distrito ay hindi bukas sa publiko.

4.10 Pagbalik ng Serbisyo. Ang mga kustomer na naputulan ng serbisyo ng tubig ay maaaring makipag-ugnay sa Distrito sa telepono o ng personal ukol sa pagbalik ng serbisyo. Ang pagbalik ng serbisyo ay sasailalim sa pagbabayad ng : (a) anumang halagang past-due, pati ang mga naaangkop na interes o multa; (b) anumang singil sa pagbalik ng serbisyo, sa ilalim ng mga limitasyon ng Seksyon 7.1, kung naaangkop; (c) at isang security deposit, kung kinailangan ng Distrito. Ang bayad ay dapat ibigay ng cash o credit card. Hindi tatanggapin ang bayad na tseke.

5. Pamamaraan sa Pag-hamon o Pag-apela ng Bill.

5.1 Panahon sa Pagsimula ng Karaingan o Humiling ng Imbestigasyon. Ang kustomer ay maaaring magsimula ang karaingan o humiling ng imbestigasyon ukol sa halaga ng bill sa loob ng labinlimang (15) araw pagkatanggap ng hinahamong bill. Para lamang sa layunin nitong Seksyon 5.1, ang bill ay ituturing na natanggap ng kustomer limang (5) araw pagkapadala sa koreo at kaagad pag ipinadala sa email.

5.2 Pagsuri ng Distrito. Ang makapanahong karaingan o paghiling ng imbestigasyon ay susuriin ng manager ng Distrito, na magbibigay ng nakasulat na desisyon sa kustomer. The pag-suri ay magsasaalang-alang kung ang kustomer ay maaaring bigyan ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad na nakahayag sa Seksyon 6 sa ibaba.

5.3 Pagdinig sa Apela. Sinumang kustomer na ang makapanahong karaingan o paghiling sa imbestigasyon alinsunod sa Seksyon 5 na ito ay nag-resulta sa salungat na desisyon ng Distrito ay maaaring i-apela ang desisyon. Ang nakasulat na paunawa sa apela ay dapat matanggap ng Distrito sa loob ng sampung (10) araw ng trabaho pagkapadala sa koreo ng Distrito ang desisyon nito. Pagkatanggap ng kahilingan sa apela o pagsusuri, itatakda kaagad ang petsa ng hearing sa harap ng General Manager, o ng kanyang kinatawan (Hearing Officer). Pagkatapos suriin ang ebidensya na ibinigay ng kustomer at ang impormasyon sa record ng Distrito kaugnay ng naturang singil sa tubig, magbababa ng desisyon ang Hearing Officer tungkol sa kawastuan ng mga singil sa tubig na nakalagay sa bill at bibigyan ang kustomer na nag-apela ng nakasulat ng maikling buod ng desisyon.

5.4 Apela sa Board of Directors. Sinumang kustomer na ang makapanahong pagdinig sa apela alinsunod sa Seksyon 5 na ito ay nag-resulta sa salungat na desisyon ng Hearing Officer ay maaaring i-apela ang desisyon sa Board of Directors (Board) sa pamamagitan ng pag-sumite ng nakasulat na paunawa sa apela sa Board Secretary sa loob ng sampung (10) araw ng trabaho pagkapadala ng Distrito ng kanilang desisyon. Pagkatanggap ng paunawa sa apela, itatakda ng Board Secretary ang bagay na dapat dinigin sa darating na Board meeting at magpapadala sa kustomer ng nakasulat na paunawa ng oras at petsa ng hearing ng hindi kukulangin sa sampung (10) araw bago sa meeting. Kinakailangang dumalo ang kustomer ng personal sa harap ng Board at mag-prisinta ng ebidensya na nakasulat o sabihin o mga dahilan kung bakit ang mga singil sa serbisyo na nakalagay sa bill ay hindi tama. Susuriin ng Board ang mga ebidensya na ibinigay ng kustomer, pati na rin ang mga impormasyon na nasa record ng Distrito kaugnay ng naturang singil sa tubig. Ang desisyon ng Board ay pangwakas.

6. Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad.

6.1 Panahon sa Paghiling ng Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad. Pag hindi nakabayad ang kustomer ng bill sa normal na panahon ng pagbabayad, maaaring humiling ng ekstensyon an kustomer o iba pang mga alternatibong kasunduan sa pagbabayad na nakalarawan ditto sa Seksyon 6. Pag nag-sumite ang kustomer ng kahilingan sa loob ng labintatlong (13) araw pagkatapos magpadala sa koreo ang Distrito ng nakasulat na paunawa sa layunin na pagputol ng serbisyo, ang kahilingan ay susuriin ng manager ng Distrito. Ang mga desisyon ng Distrito sa ekstensyon at iba pang alternatibong kasunduan sa pagbabayad ay pangwakas at hindi napapailalim sap ag-apela sa Board of Directors ng Distrito.

6.2 Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Pag inaprubahan ng Distrito, maaaring bayaran ng kustomer ang hindi pa bayad na balanse alinsunod sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad na hindi mahigit sa labindalawang (12) buwan batay sa desisyon ng General Manager ng Distrito o kanyang kinatawan, batay lamang sa kanyang diskresyon. Sa panahon ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, ang kustomer ay kinakailangang manatili sa makapanahong pagbabayad ng lahat ng mga singil sa serbisyo ng tubig na naiipon sa mga kasunod na panahon ng billing. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad at mga halagang hindi pa bayad ay nakasulat na ihahayag at ibibigay sa kustomer para lagdaan ang kanyang pagsang-ayon at pagsunod sa kasunduan sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad.

6.3 Kabiguang Sumunod. Kailangang sumunod ang kusotmer sa napagkasunduang iskedyul ng pagbabayad at bayaran sa nakatakdang petsa ng pagbabayad ang mga singil sa mga sumusunod na panahon ng billing. Ang kustomer ay hindi maaaring humingi ng ibang iskedyul ng pagbabayad ng mga kasunod na singil na hindi pa bayad habang nagbabayad ng mga delingkuwenteng singil alinsunod sa dati ng napagkasunduang iskedyul. Pag nagibo ang kustomer na sumunod sa mga termino ng napagkasunduang iskedyul ng pagbabayad ng bill na delingkuwente na ng animnapung (60) araw o mahigit, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa tirahan ng customer. Ang Distrito ay magpa-paskil ng panghuling paunawa ng layuning itigil ang serbisyo sa isang lugar na kapansin-pansin at madaling Makita sa address ng serbisyo hindi kukulangin sa limang (5) araw ng trabaho bago itigil ang serbisyo. Ang panghuling paunawa ay hindi magbibigay ng karapatan sa kustomer na humingi ng imbestigasyon o pagsusuri ng Distrito.

6.4 Pagbawas o Pagtanggap ng Singil. Ang mga pagbawas o pagtanggap ng singil sa serbisyo ng tubig ay hindi magagamit sa ngayong panahon.

7. Mga Tinukoy na Programa para sa mga Kustomer na Mababa ang Kita.

7.1 Limitasyon sa Singil sa Pagbabalik ng Serbisyo at Pagtanggap ng Interes. Sa mga residensyal ng kustomer na nagpakita sa Distrito na ang kanilang sambahayang kita ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty line, ang Distrito ay:

- (a) Lilimitahan ang singil sa pagbalik ng serbisyo sa panahon ng normal na oras ng operasyon sa limampung dolyar (\$50), at sa panahon na labas sa oras ng operasyon sa isang daan at limampung dolyar. Ang

limit ay gagamiting lamang kung ang singil ng Distrito sa pagbabalik ng serbisyo ay mahigit sa mga naturang halaga. Ang mga limit na ito ay sumasailalim sa taunang pagsasaayos kaugnay ng mga pagbabago na nasa Bureau of Labor Statistics' Consumer Price Index for All Urban Consumers (CPI-U) simula sa ika-1 ng Enero, 2021.

- (b) Tatanggalin ang mga singil sa interes sa mga delingkuwenteng bill isang beses kada 12 buwan. Tatanggalin ng Distrito ang interes sa mga singil na hindi pa bayad sa panahon ng kahilingan ng kustomer.
- (c) Ang tulong sa pagbabayad ng bill ay maaaring makuha ng mga residensyal na kustomer ng tubig/alkantariyal kung sila ay kwalipikadong kustomer na mababa ang kita. Ang mga karagdagang impormasyon sa programang ito at makikita sa website ng Distrito sa www.wmwd.com/394/Bill-Payment-Assistance.

7.2 Mga Kwalipikasyon. Itutukoy ng Distrito na ang residensyal na kustomer na may sambahayang kita na mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty line kung:

- (a) Sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o
- (b) Idineklara ng kustomer sa ilalim ng parusa ng perjury na ang kanilang sambahayang taunang kita ay mas mababa sa 200 na porsiyento ng federal poverty level. Ang Seksyon 7.2(b) ay hindi sapat na ebidensya para maging kwalipikado ang kustomer sa low-income assistance program ng Distrito na nakahayag sa Seksyon Section 7.1(c).

8. Pamamaraan para Maging Kustomer ng Distrito ang mga Occupant o Tenant.

8.1 Pagiging Angkop. Ang Seksyon 8 na ito ay magagamit lamang kung ang property owner, landlord, manager, o tagapangasiwa ng residensyal ang address ng serbisyo ay nakalista bling kustomer na nakatala at napadalan ng paunawa sa layunin na pagtigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.

8.2 Pagsang-ayon sa mga Termino at Kondisyon ng Serbisyo ng Distrito. Ang Distrito ay magbibigay ng serbisyo sa mga occupant kung ang bawat isang occupant ay sumang-ayon sa mga termino at kondisyon ng serbisyo ang natugon ang mga panuntunan at regulasyon ng Distrito. Gayunpaman, kung kahit man lang may isang occupant na pumayag na managot sa lahat ng mga susunod na singil, o kung may pisikal na paraan para itigil ang serbisyo ng mga occupant na hindi tumugon sa mga panuntunan at regulasyon ng Distrito, bibigyan ng Distrito ng karapatang gumamit ng serbisyo ang mga occupant na tumugon sa mga termino at kondisyon ng serbisyo.

8.3 Pagpapatunay ng Pangungupahan. Para maging karapat-dapat na maging

kustomer na hindi kailangan magbayad ng delingkuwenteng singil, dapat patunayan ng occupant ng ang delingkuwenteng kustomer na nakatala ay ang landlord, manager, o ahente ng tiirahan. Ang pagpapatunay ay maaaring mangailangan ng, nugnit hindi limitado sa, lease o rental agreement, mga resibo ng upa, dokumento ng gubyrno na nagpapakita na ang occupant ay nangungupahan sa property, o impormasyon na ipinaalam alinsunod sa Seksyon 1962 ng Civil Code, ayon sa diskresyon ng Distrito.

8.4 Paraan sa Pagtatag ng Credit. Kung ang nakaraang serbisyo sa isang haba ng panahon ay kondisyon para magtatag ng credit sa Distrito, ang paninirahan at patunay ng maagang pagbayad ng upa a naturang panahon ay kasiya-siyang patunay.

9. **Lenguwahe para sa mga Ilang Natukoy na Nakasulat na Paunawa.** Lahat ng nakasulat na paunawa sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 6 ng Patakarang ito ay ibibigay sa Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at iba pang wika na ginagamit ng sampung porsiyento (10%) o mahigit na mga tao sa loob ng retail service area mg Distrito.

10. **Mga Ibang Remedyo.** Karagdagan sa pagtigil sa serbisyo ng tubig, maaaring ding gumamit ang Distrito ng iba pang mga remedyo sa batas o katarungan dahil sa hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyo ng tubig, pati na rin, ngunit hindi limitado sa: (a) pagkuha ng mga delingkuwenteng singil sa pamamagitan ng paglagay ng lien sa ari-arian, (b) pag-demanda o paggamit ng legal na aksyon, o (c) paglipat ng mga hindi bayad na singil sa koleksyon. Kung sakaling isang aksyong legal ay napagpasyahan sa pabor ng Distrito, ang Distrito ay magiging karapat-dapat bayaran ng lahat ng kanyang gastos, kabilang ang mga bayad sa abogado at naipon na interes.

11. **Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Ibang Paglabag ng Kustomer.** May karapatan ang Distrito na itigil ang serbisyo ng tubig dahil sa anumang paglabag batay sa mga ordinansya, panutunan, o regulasyon ng Distrito, hindi lamang dahil sa hindi pagbabayad.

12. **Mga Desisyon ng Tauhan ng Distrito.** Anumang desisyon, na ibinaba ng General Manager ng Distrito sa ilalim ng Patakarang ito, ay maaaring ipatupad ng kanyang kinatawan.